

## Pamahalaan ang inyong Medical, SNAP at mga Benepisyong Cash sa Online

Ang website ng Aplikasyon para sa Pagiging Karapat-dapat (Application for Benefits Eligibility, ABE) ng Estado ng Illinois ay nag-aalok ng 'Pamahalaan Ang Aking Kaso (Manage My Case)' upang tulungan kang pamahalaan ang iyong mga benepisyo sa online.

### Gamitin ang Manage My Case (MMC) upang:

- Suriin ang istado ng isang aplikasyon
- I-renew ang mga benepisyo
- Iulat ang mga pagbabago - kita, mga miyembro ng sambahayan, gastos o bagong address
- Mag-upload ng mga dokumento
- Tumingin sa mga abiso
- Tingnan at muling mag-iskedyul ng mga darating na appointment
- Magsampa at pamahalaan ang mga apela

### Ano ang Kailangan Mong I-set up sa Manage My Case:

- Numero ng Social Security
- Matatag na Kasaysayan ng Kredito

### Paano i-set up ang iyong Manage My Case:

**Hakbang 1:** Pumunta sa <http://ABE.Illinois.gov>

**Hakbang 2:** Pindutin ang berdeng pindutan na "Manage My Case"

- Ipasok ang User ID at Password ng iyong ABE
- Kung wala kang ABE account, pindutin ang 'Create ABE account' para magrehistro

**Hakbang 3:** Pagkatapos mag-log in piliin ang 'Link your account'

- Ipasok ang iyong petsa ng kapanganakan at Numero ng Social Security o Indibidwal na Numero ng ID. Ili-link nang isang-beses na prosesong ito ang iyong ABE account sa iyong impormasyon ng kaso ng benepisyo.

**Hakbang 4:** Kapag i-link mo ang iyong kaso sa ABE account, hihilingin sa iyong sagutin ang ilang katanungan para kumpirmahin ang iyong pagkakakilanlan. Kung matagumpay, direktang papasok sa MMC.



## Paano mag-set up ng iyong Manage My Case:

### Paano kung makalimutan ko ang aking User ID?

Kailangan mong mag-set up ng bagong account na may bagong User ID at password. Para sa Manage My Case, i-link ang iyong bagong User ID at Password sa iyong kaso. Hindi maaring i-reset ng Estado ang isang User ID.

### Paano kung makalimutan ko ang aking Password?

Maari mong i-reset ang iyong Password, hangga't natatandaan mo ang mga sagot sa iyong mga katanungan sa seguridad.

Mula sa homepage, pindutin ang login, ipasok ang iyong User ID at pindutin ang "Forgot Password" pagkatapos. Magbubukas ito ng isang pahina kung saan maari mong i-reset ang iyong Password, sagutin lamang ang iyong lihim na mga katanungan na ipinapakita sa pahina. Tandaan, case sensitive ang mga sagot sa iyong sekretong mga katanungan, kaya siguruhing i-type ang mga ito nang EKSAKTO tulad ng ginawa mo noong una mong sinagot ang mga ito, na katulad ng malalaki at maliliit na mga letra. Hindi maaring i-reset ng Estado ang isang User ID.

### Paano kung makalimutan ko ang mga sagot sa aking lihim na mga katanungan?

Kung nakalimutan mo ang mga sagot sa iyong mga lihim na tanong, kailangan mong mag-set up ng isang bagong account gamit ang isang bagong User ID at Password. Para sa Manage My Case, kailangan mong i-link ang iyong bagong User ID at Password sa iyong kaso. Hindi maaring i-reset ng Estado ang isang User ID o Password. Siguraduhing isulat ang iyong User ID, Password at mga sagot sa iyong mga lihim na katanungan kapag gumawa ka ng bagong account. Itago ang mga ito sa ligtas na lugar.

### Paano kung ma-locked out ako sa aking account?

Kapag sinubukan mong mag-login sa iyong account nang tatlong beses ngunit hindi matagumpay, ikaw ay "mala-locked out" nang 1 oras. Maari mong subukan muli pagkatapos ng isang oras.

### Paano kung makatanggap ako ng mensahe na nagsasabing na-time out o natapos ang aking sesyon?

Bago ka muling mag-login, siguruhing gumagamit ka ng browser na mahusay gumagana sa ABE. Inirekumenda namin ang Google Chrome o ang pinakabagong bersyon ng Internet Explorer. Maaring magsanhi ng mali ang isang lumang browser.

Kung gumagamit ka ng Google Chrome o isang updated na browser, isara ang browser, muling buksan at subukang muli

### Paano kung hindi ako makapasa sa Pagpapatunay ng Pagkakakilanlan?

Kapag hindi ka pumasa sa Pagpapatunay ng Pagkakakilanlan, hindi ka makapag-set up ng Manage My Case sa panahong ito. Tinatrabaho ng Estado ang isang alternatibo sa Experian ng Pagpapatunay ng Pagkakakilanlan. Mangyaring maging matiyaga.

Tandaan: Kung kinakailangan mong magsumite ng impormasyon sa isang tiyak na petsa at hindi mo magagamit ang Manage My Case, gumamit ng ibang paraan ng pagsumite ng impormasyong tulad ng pagpuno at pagpapadala sa address na ibinigay sa form upang matugunan ang deadline.

Para sa higit na impormasyon, pumunta sa Pahina ng Suporta sa Gumagamit sa: <http://www.dhs.state.il.us/ABE>